

Mga Meningococcal ACWY Vaccine —MenACWY at MPSV4: Ang Dapat Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis
Maraming Pahayag sa Impormasyon ng Bakuna na nasa wikang Spanish at iba pang wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1 Bakit magpapabakuna?

Ang sakit na meningococcal ay malalang sakit na dulot ng uri ng bakteriyang tinatawag na *Neisseria meningitidis*. Maaari itong magdulot ng meningitis (impeksiyon ng lining ng utak at spinal cord) at mga impeksiyon ng dugo. Madalas nagaganap ang meningococcal na sakit nang walang babala—kahit na sa mga tao na malusog.

Maaaring makahawa ang meningococcal na sakit sa mga tao sa pamamagitan ng malapitang kontak (pag-ubo o halikan) o matagalang kontak, lalo na sa mga taong nakatira sa parehong tahanan.

May hindi bababa sa 12 uri ng *N. meningitidis*, na tinatawag na “serogroups.” Ang serogroup A, B, C, W, at Y ang sanhi ng pinakamaraming meningococcal na sakit.

Sinuman ay maaaring magkaroon ng meningococcal na sakit pero ilang tao ang nasa mas mataas na peligro, kabilang ang:

- Mga sanggol na mas bata sa isang taong gulang
- Mga adolescent at mga batang adult na 16 hanggang 23 taong gulang
- Mga taong may ilang medikal na kundisyon na nakakaapekto sa immune system
- Mga microbiologist na karaniwang nagtatrabaho sa mga isolate ng *N. meningitidis*
- Mga taong nasa peligro dahil sa pagkakahawaan sa komunidad nila

Kahit na ginamot ito, ang meningococcal na sakit ay pumapatay sa 10 hanggang 15 nahawang tao mula sa 100. At sa mga mabubuhay, tinatayang 10 hanggang 20 mula sa bawat 100 ay magdurusa sa mga kapansanan tulad ng kawalan ng pandinig, kapansanan sa utak, kapansanan sa bato, mga pagputol, problema sa nervous system o malalang mga peklat mula sa mga skin graft.

Ang meningococcal ACWY na bakuna ay makakatulong sa pag-iwas sa meningococcal na sakit dulot ng mga serogroup A, C, W, at Y. Ang magkakaibang meningococcal na bakuna ay makukuha para makatulong proteksiyonan laban sa serogroup B.

2 Mga Meningococcal ACWY na Bakuna

May dalawang uri ng meningococcal bakunang nakalisensiya sa Food and Drug Administration (FDA) pamproteksiyon laban sa mga serogroup A, C, W, at Y: meningococcal conjugate vaccine (**MenACWY**) at meningococcal polysaccharide vaccine (**MPSV4**).

Dalawang dosis ng MenACWY ay karaniwang nirerekomenda para sa mga adolescent 11 hanggang 18 taong gulang: ang unang dosis sa 11 o 12 taong gulang, na may booster na dosis sa edad na 16. Ang ilang mga adolescent, kabilang ang mga may HIV, ay dapat makakuha ng mga karagdagang dosis. Tanungin ang inyong tagapaglaan sa pangangalaga ng kalusugan para sa higit pang impormasyon.

Bilang karagdagan sa karaniwang pagbabakuna sa mga adolescent, Ang bakunang MenACWY ay nirerekomenda rin para sa ilang pangkat ng mga tao:

- Ang mga taong nasa peligro dahil sa serogroup A, C, W, o Y na paghahawaan sa meningococcal na sakit
- Sinuman na ang spleen ay napinsala o inalis
- Sinumang may kakaibang kundisyon ng immune system na tinatawag na “persistent complement component deficiency”
- Sinumang umiinom ng gamot na tinatawag na eculizumab (tinatawag ding Soliris®)
- Mga microbiologist na karaniwang nagtatrabaho gamit ang mga isolate ng *N. meningitidis*
- Sinumang nagbibiyaha sa o tumitira sa isang bahagi ng mundo kung saan karaniwan ang meningococcal na saki, tulad ng mga bahagi ng Africa
- Mga freshmen sa kolehiyong nakatira sa mga dormitoryo
- Mga recruit sa militar ng U.S.

Ang mga bata sa pagitan ng edad na 2 at 23 buwan at mga taong may ilang medikal na kundisyon ay nangangailangan ng maramihang dosis para sa sapat na proteksiyon. Tanungin ang inyong tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan tungkol sa bilang at timing ng mga dosis at pangangailangan sa mga booster na dosis.

Ang **MenACWY** ay ang nais na bakuna para sa mga taong nasa mga pangkat na ito na 2 buwan hanggang 55 taong gulang na nakatanggap na dati ng MenACWY o umaasang mangangailangan ng maraming dosis.

Nirerekomenda ang **MPSV4** para sa mga adult na mas matanda sa 55 na umaasang mangangailangan ng isang dosis lang (mga bumibiyaha o sa mga pagkakahawaan sa komunidad).

3**May ilang tao na hindi dapat tumanggap ng bakunang ito**

Sabihin sa taong nagbibigay ng bakuna sa iyo:

- **Kung mayroon kang malalang, mga banta sa buhay na mga allergy.**

Kung nagkaroon ka ng banta sa buhay na allergic na reaksiyon matapos ang nakaraang dosis ng meningococcal ACWY na bakuna, o kung mayroon kang malalang allergy sa anumang bahag ng bakunang ito, hindi mo dapat makuha ang bakunang ito. Maaring sabihin sa iyo ng iyong tagapaglaan ang tungkol sa mga sangkap ng bakuna.

- **Kung buntiks ka o nagpapasuso.**

Hindi masyadong maraming impormasyon tungkol sa potensiyal na mga peligro ng bakunang ito para sa babaeng buntis o nagpapasusong ina. Dapat lamang itong gamitin sa pagbubuntis kung malinaw na kailangan.

Kung may banayad kang sakit tulad ng sipon, malamang ay makukuha mo ang bakuna ngayon. Kung may katamtaman o malala kang sakit, malamang ay kailangan mong maghintay hanggang gumaling ka. Mapapayuhan ka ng iyong doktor.

4**Mga panganib ng reaksiyon sa bakuna**

Tulad ng sa anumang gamot, pati na ang mga bakuna, may posibilidad na magkaroon ng mga side effect. Ang mga ito ay karaniwang banayad lang at nawawala rin nang kusa sa ilang araw, ngunit posible rin na magkaroon ng mga nakamamatay na reaksiyon.

Hanggang kalahati ng mga taong nakakakuha ng bakunang meningococcal ACWY ay may **mga banayad na problema** kasunod ang mga pagbabakuna, tulad ng pamumula o kirot kung saan ininiksiyunan. Kung maganap ang mga problemang ito, karaniwang nagtatagal ito ng 1 o 2 araw. Mas karaniwan ito makalipas ang MenACWY kaysa makalipas ang MPSV4.

Ang maliit na porsiyento ng mga taong nakakatanggap ng bakuna ay nagkakaroon ng sinat.

Mga problemang maaaring mangyari pagkatapos ng anumang ininiksiyong bakuna:

- Kung minsan ay may mga taong hinihimatay pagkatapos ng isang pamamaraang medikal, kasama na ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang 15 minuto ay makatutulong sa pagpigil ng pagkahilo, at mga pinsalang dulot ng pagtumba. Sabihin sa doktor mo kung nahihilo ka, o may pagbabago sa paningin o nakaririnig ng matining na tunog.
- Ang ilang tao ay nagkakaroon ng matinding panakit sa balikat at nahihirapang ikilos ang braso na pinagtarakan. Napakadalang nitong nangyayari.
- Maaaring makapagdulot ang anumang gamot ng matinding allergic na reaksiyon. Ang mga naturang reaksiyon mula sa bakuna ay napakadalang, at tinatayang nasa 1 sa bawat milyong dosis, at mangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbakuna.

Gaya ng sa anumang gamot, may napakaliit na posibilidad na maging dahilan ang bakuna ng nakamamatay na pinsala o kamatayan.

Laging minamanmanan ang kaligtasan ng mga bakuna. Para sakaragdagang impormasyon, bumisita sa: www.cdc.gov/vaccinesafety/

5**Paano kung may nakamamatay na reaksiyon?****Ano ang dapat kong bantayan?**

- Pansinin ang anumang may kinalaman sa iyo, gaya ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-karaniwang pagkilos.

Kabilang sa mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon ang hives (pamamantal ng balat), pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina – karaniwang sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa palagay mo ay isa itong matinding allergic na reaksiyon o iba pang emergency na hindi makapaghihintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi’y, tawagan ang doktor mo.
- Pagkatapos, dapat na iulat ang reaksiyon sa “Vaccine Adverse Event Reporting System” (VAERS). Dapat ihain ng doktor mo ang ulat na ito, o magagawa mo ito nang sarili mo sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong 1-800-822-7967.

Hindi nagbibigay ng payong medikal ang VAERS.

6**Ang National Vaccine Injury Compensation Program**

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang programang pederal na nilikha upang bayaran ang mga taong napinsala ng ilang uri ng mga bakuna.

Malalaman ng mga taong naniniwalang napinsala sila ng isang bakuna ang tungkol sa programa at tungkol sa paghain ng paghahabol sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong 1-800-338-2382 o pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation. May limitasyon sa panahong maaaring maghain ng paghahabol para mabayaran.

7**Paano ko malalaman ang higit pa?**

- Magtanong sa tagapaglaan mo ng pag-aalaga sa kalusugan. Maibibigay niya sa iyo ang babasahin na nasa pakete ng bakuna o kaya’y makapagmumungkahi siya ng iba pang mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Tumawag sa numerong 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO) o
 - Bumisita sa website ng CDC sa www.cdc.gov/hpv

Vaccine Information Statement
Meningococcal ACWY Vaccines

Tagalog

03/31/2016

42 U.S.C. § 300aa-26

Office Use Only



Translation provided by the California Department of Public Health